Official Newsletter of the Municipality of Bayambang, November 2023 Issue, Vol.7 No.11

Bayan ng Bayambang · Lalawigan ng Pangasinan · 1614

# Balon Bayambang

"Mankakasakey para ed Inawa'y Baley"

Guinness World Records
RECORD HOLDER
The Tallest Bamboo Sculpture (Supported) 50.23M
April 5, 2019
St. Vincent Ferrer Prayer Park
Brgy. Bani, Bayambang
Pangasinan, Philippines
THE LONGEST BARBECUE
Bayambang, Pangasinan, Philippines
April 4, 2014

# Animé-Inspired Paskuhan sa Bayambang, Pumatok sa Turista!



***Dinagsa ng mga turista, lalo na ng mga kabataan, ang Japan-inspired Paskuhan sa Bayambang 2023 na pormal na binuksan ni Mayor Niña Jose-Quiambao noong ika-17 ng Nobyembre sa Municipal Plaza grounds.*** ( *Sundan sa pahina 15* )

## Mga Nilalaman :


- 1,000 na Estudyante, Tumanggap ng Financial Assistance..................p4
- Pamamahagi ng Pamaskong Handog 2023, Sinimulan na...............p7
- 1 Rabies Mortality, Naitala ng DOH sa Bayambang sa 2023.....p10
- Quinto, Bagong PAENRO President......p12
- Mga Cosplayer, Rumampa sa Paskuhan sa Bayambang 2023..........p16


## Usapang SingKapital 2023, Naging Mainit-init sa 'SingKapeTalk'




**Naging punung-puno ng impormasyon sa lokal na kasaysayan at mainit na talakayan ang Facebook Live talk show na tinaguriang "SingKapeTalk" bilang simpleng paggunita ng SingKapital 2023 noong ika-12 ng Nobyembre, 2023 sa Bayambang Museum of Innovation, Municipal Plaza.** ( *Sundan sa pahina 15* )

Editorial

# Tiwala



**"Tiwala" – isang salita na may anim na letra ngunit walang katumbas ang halaga kaya't hindi basta-basta ipinagkakatiwala. Iyan ang regalong natanggap ng ating mga bagong halal na barangay officials, lalo na ang mga Sangguniang Kabataan (SK) official, mula sa ating mga kababayan, partikular na yaong mga nasa murang edad.**

Sa kanila ay nakahanap ng bagong pag-asa – pag-asang mapakinggan, madamayan, at maipaglaban.

Sa libu-libong kabataan sa kani-kanilang barangay, iisang chairperson at pitong kagawad lamang ang napiling kinatawan. Kaya't sa kanilang pag-upo sa puwesto, huwag nawa nilang kaligtaan ang mga pangako at platapormang binitawan.

Bilang nabansagang "pag-asa ng bayan," panahon na para mas maipakita nila ang kanilang kakayahan at katapangan upang maging mga modelo sa susunod pang henerasyon. Mabigat man ang kanilang magiging responsibilidad bilang miyembro ng SK, kami'y nagagalak at hindi sila nagdalawang isip na sumubok at tumanggap ng hamon upang pagsilbihan ang ating pinakamamahal na bayan at mamamayan.

Sa kanilang pagsuong sa magulong mundo ng pulitika, sila ay nagpakita ng ideyalismo na di nalalayo sa ipinamalas ng ating mga bayani noong panahon ding kinaharap nila ang hamon ng panahon sa gitna ng kanilang kabataan.

Kaya't ngayon pa lang, kami ay nagbubunyi at mainit na bumabati sa lahat ng mga nagwagi sa halalan, lalo na sa mga lider ng kabataan.

Congratulations sa mga bagong halal na Punong Barangay, Barangay Kagawad, SK Chairperson, at SK Kagawad. Sana ay huwag sayangin ang tiwalang ipinagkaloob ng buong-puso.

Sa mga hindi naman pinalad sa ngayon, pakiusap namin ay ang pakikiisa sa mga nagwagi, alang-alang sa ikabubuti ng ating mga barangay.

Mabuhay kayong lahat! Mabuhay ang Bayambang!

**Good Governance**

# Bagong Halal na Barangay Officials, Pormal na Nanumpa

**Pormal na nanumpa ang mga bagong halal na opisyal ng 77 na barangay ng Bayambang, kabilang ang 38 na mga bagong kapitan, sa ginanap na Oath-Taking Ceremony noong November 15, 2023, sa Balon Bayambang Events Center. Ang seremonya ay pinangunahan nina Mayor Niña Jose-Quiambao, Vice Mayor Ian Camille Sabangan, at ang lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan.**




Kabilang sa mga bagong kapitan si dating Vice-Mayor Raul R. Sabangan, na nanalong kapitan ng Zone VI.

Kasabay nito ay ang pagpaparangal sa 17 Punong Barangay na nakatapos ng tatlong termino sa serbisyo, bilang pasasalamat ng Lokal na Pamahalaan sa pagiging tapat at mahusay na lider sa kani-kanilang nasasakupang barangay. Sila ay sina dating PB Ferdinand G. Lomibao ng Brgy. Bacnono, PB Ronelio F. Garcia ng Balaybuaya, PB Rufo R. Junio ng Buenlag 1st, PB Ricky P. Penuliar ng Dusoc, PB Romeo A. Andalis ng Idong, PB Luis Castro ng Ligue, PB Leodovico M. Soriano ng Maigpa, PB Richard S. Pulhin ng Malimpec, PB Freddie R. Junio ng Manambong Norte, PB Alain Lacerna ng Manambong Sur, PB Victorino S. Payomo ng Nalsian Norte, PB Onofre P Romano ng Pangdel, PB Marcelo C. Caniezo ng Sancagulis, PB Vicente de Leon ng Sapang, PB Guilermo Gabriel ng Tatarac, PB Frederick F. Lomibao ng Zone IV, PB Manny S. Lopez ng Zone VI.

# LGU-Bayambang, Top 3 sa Innovation sa Region I at Top 10 sa Resiliency Nationwide




**Ang LGU-Bayambang ay muling nagwagi sa ginanap na regional awarding para sa Cities and Municipalities Competitiveness Index ng Department of Trade and Industry nitong Nobyembre 23, sa La Union Convention Center, Brgy. Sevilla, City of San Fernando, La Union. Ang karangalan ay tinanggap ni OIC-Municipal Planning and Development Officer, Ma-lene S. Torio, kasama si Budget Deputy Officer Princess Sabangan, para sa pagiging Top 3 ng LGU-Bayambang sa Innovation sa Region I at Top 10 naman sa Resiliency nationwide sa mga 1st to 2nd class municipality.**

Ang CMCI ay isang annual ranking ng National Competitiveness Council. (by Sharlene Joy G. Gonzales/RSO: Photo: MPDO)

# Engr. Mangande, Kinumpirma bilang Municipal Engineer

**Ang Sangguniang Bayan Committee on Public Works and Utilities ay nagkaroon ng deliberasyon ukol sa appointment ni Engr. Bernadette D. Mangande bilang Municipal Engineer, at kanilang inirekomenda ang kumpirmasyon ng naturang posisyon sa plenary session noong November 20, 2023. Wala ni isang miyembro ng SB ang tumutol dito matapos makita ang kanyang academic record, karanasan sa trabaho, integridad, at work ethic, mga patunay na siya ay kwalipikado upang pamunuan ang Engineering Office. Nagtapos si Engr. Mangande ng BS Civil Engineering sa Lyceum Northwestern University at pumasa sa board exam taong 2009.**



Education

# 1,000 Estudyante, Tumanggap ng Financial Assistance

**Noong November 21, 2023, ang mga LGU scholar ay dumalo sa Pavilion 1 ng Saint Vincent Ferrer Prayer Park para sa Educational Financial Assistance payout na inorganisa ng Local School Board (LSB) sa pamumuno ni Executive Director Rolando Gloria, katuwang ang Treasury Office.**

May 1,000 na college students ang tumanggap sa handog na tulong ng Lokal na Pamahalaan para sa kanilang pag-aaral.

Ayon sa LSB, ito ay priority project na sinimulan ni former mayor, Dr. Cezar Quiambao, nang ito ay maupo bilang alkalde noong 2016 at ipinagpatuloy ng kaniyang kabiyak na si Mayor Niña Jose-Quiambao. (by Vernaliza M. Ferrer/RSO; Photo: JV Baltazar)



# Motorpool at Engineering, Nagsasanay ng SMAW Students



**Kasalukuyang sumasailalim sa isang hands-on training ang mga shielded metal arc welding (SMAW) student ng Tanolong National High School sa Municipal Motorpool at Engineering Office.**

Sa kanilang pagsasanay, inaasahang mas mapaghuhusay ng mga estudyante ang kanilang kaalaman sa naturang kurso at balang araw ay mai-apply ang natutunan sa hinaharap.

# Pamilya Ferrer, May Book Donations Muli

**Ang LGU-Bayambang ay muling nagapasalamat kina G. Joey Martinez Ferrer at Gng. Sofia Ferrer ng Roxas St., Bayambang, Pangasinan at Pittsburg, California, USA, sa kanilang latest na donasyong libro.**

Kabilang sa mga napili nilang benepisyaryo ang Municipal Library, Bayambang National High School, St. Vincent Catholic School, Nalsian Elementary School, at mga pribadong indibidwal.

Ang pamilya Ferrer ay ilang dekada nang malimit na magdonate ng mga aklat at mga kapakipakinabang na kagamitan sa bayan ng Bayambang.





**Livelihood & Employment**

# 105 PSU Grads, Napili para sa Cash-for-Work

**May 105 na graduate ng PSU-Bayambang Campus ang napiling benepisyaryo ng DSWD Cash-for-Work Program. Ayon sa PESO-Bayambang, sila ay madedeploy sa LGU.**

Ang Cash-for-Work Program para sa mga nagtapos sa kolehiyo ay tatakbo sa loob ng 90 na araw at ipatutupad sa pamamagitan ng Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan-Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (Kalahi-CIDSS) ng DSWD na pinondohan ni Senator Imee Marcos.

Ang Kalahi-CIDSS Kapangyarihan at Kaunlaran sa Barangay (KKB) ay naglalayon na magbigay ng panandaliang interbensyon sa pamamagitan ng pansamantalang trabaho o target na cash transfer para sa mga nagtapos sa kolehiyo at mga apektado ng pagbabago ng klima, nabibilang sa hanay ng mahihirap, at miyembro ng isang vulnerable na komunidad.



Sa Orientation Program ng PESO-Bayambang na ginanap noong Nobyembre 22, 2023, sa Balon Bayambang Events Center, naroon sina Municipal Administrator, Atty. Rodelynn Rajini S. Vidad; BPRAT Chairperson, Dr. Rafael L. Saygo; PESO-Bayambang Officer Gernalyn Santos at kanyang staff; at PSU-Bayambang Coordinator of Students and Alumni Services, Dr. Leonardo Basilio.

# Bagong TUPAD Beneficiaries: Solo Parents, Senior Citizens, BHW, BNS, BSPO, 4Ps






**Sa latest DOLE-TUPAD Orientation at Profiling Activity na ginanap sa St. Vincent Ferrer Prayer Park Pavilion I at Balon Bayambang Events Center, inihayag ng PESO Bayambang na ang mga susunod na benepisyaryo ng naturang programa ay "197 solo parents, 540 senior citizens, 600+ BHW, BNS, at BSPO families, at 1,000 4Ps graduates."**

Social Services

# May Ice Cream Treat sa Lahat ng Barangay

Noong November 17, ipinagdiwang ang kaarawan ni dating Mayor Cezar T. Quiambao at anibersaryo ng kanyang kasal kay Mayor Niña Jose-Quiambao sa pamamagitan ng isang misa at simpleng selebrasyon sa Balon Bayambang Events Center. Ang Bayambang First Couple ay namigay din ng ice cream gawa ng Bani Delicious Ice Cream sa lahat ng barangay noong November 15, 16, at 17, at libreng lunch naman para sa LGU employees at mga pribadong sektor noong November 17.




# Mga Birth Certificate, Inaward sa mga Delayed Registration Applicants



Ang Local Civil Registry Office, sa pakikipag-ugnayan ng Philippine Statistics Authority (PSA), ay nag-award ng mga birth certificate in security paper para sa mga residente ng Brgy. Sanlibo, Caturay, Inanlorenza, at Idong. Ang awarding ceremony ay ginanap sa Brgy. Sanlibo Covered Court noong November 22, 2023 bilang parte ng Free Delayed Registration of Birth o PhilSys Birth Registration Assistance Project.

Ayon kay Bayambang Civil Registrar Ismael Malicdem Jr., "May 58 na beneficiaries ang nakatanggap ng birth certificate in security paper issued by PSA na libre para hindi na sila gumastos at pumila pa sa PSA Calasiao."

Naroon din sa seremonya sina Vice-Mayor Ian Camille Sabangan, PSA-RSSO-I Senior Statistical Specialist Arturo S. de Sola, PSA-Calasiao Administrative Clerk Gessiele C. Soriano, Sanlibo PB Luzviminda V. Tamondong, at Idong PB Romeo Andalis.

# SOCA 2023 | Mga Tsikiting, Nakipagdayalogo kay Mayor Niña

**Ang National Children's Month celebration ay nagtapos sa talumpati ni Mayor Niña Jose-Quiambao, ang taunang State of the Children's Address, kung saan kanyang ipinahayag ang mga nagawa ng administrasyong Quiambao-Sabangan para sa kapakanan ng mga bata lalo na sa larangan ng kalusugan, edukasyon, proteksyon, at pagsulong ng mga karapatang pambata.**

Naging bahagi ng programa ang isang kaaliw-aliw na dayalogo sa pagitan ng mga batang Bayambangueño at ni Mayor Niña, kung saan nagkaroon ng pagkakataon ang mga bata na personal na magtanong sa alkalde ukol sa mga bagay mula sa kanilang isipan.

Ang State of the Children's Address 2023 (SOCA) ay inorganisa ng Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) sa Balon Bayambang Events Center noong ika-28 ng Nobyembre, 2023, sa temang, "Healthy, Nourished, Sheltered: Ensuring the Right to Life for All." (by Khim Ambrie L. Ballesteros/RSO; Photo: JV Baltazar)



# Pamaskong Handog 2023, Naghatid ng Galak

**Nag-umpisa noong November 20, 2023 ang pamamahagi ng Christmas packages para sa 31,539 households sa 77 barangays ng Bayambang bilang Pamaskong Handog ng Kasama Kita sa Barangay Foundation at Niña Cares Foundation mula sa sariling bulsa ni Mayor Niña Jose-Quimbao at ng kanyang kabiyak na si Dr. Cezar T. Quiambao.**

Hindi ito nakaliligtaang gawin taun-taon ng pamilya Jose-Quiambao upang sa gayon ay pagsapit ng Kapaskuhan ay may maihahain ang bawat Bayambangueño sa kanilang hapag-kainan. (by Sharlene Joy G. Gonzales/ RSO; Photo: Ace Gloria)



# Salamat, Radiant Balon Bayambang Eagles Club!



**Nagpapasalamat ang LGU, sa pamamagitan ng Mayor's Action Center at Nutrition Office, sa Radiant Balon Bayambang Eagles Club, sa pangunguna ng kanilang mga Club President na sina former Municipal Administrator, Atty. Raymundo Bautista Jr., Germaine Lee Orcino, at Ryan Amir Tahanlangit, sa ipinagkaloob na financial assistance para sa isang batang may maselang medical condition.**


BAYAN NG BAYAMBANG · LALAWIGAN NG PANGASINAN

# Engineering

## ONGOING Projects



Covered Court - Bacnono



Covered Court - Manambong Sur



Covered Court - Manambong Sur



Covered Court - Pantol



Covered Court - Langiran



Early Child Development Center - Macayocayo


E-Learning Center - Sapang



# PRDP Team ng LGU at DA, Nagsagawa ng Joint Technical Review

**Ang Municipal Project Management and Implementation Unit (MPMIU) para sa Scale-Up Phase ng Philippine Rural Development Project ng Department of Agriculture ay nagsagawa ng isang Joint Technical Review kasama ang mga key PRDP personnel ng DA noong November 21-24, 2023 sa Monarch Hotel, Calasiao, Pangasinan.**

Ito ay may kaugnayan sa Road Opening at Concreting ng Pantol to San Gabriel II Farm-to-Market Road with Bridges project at Construction of Bayambang Onion Cold Storage Facility project.

Pinangunahan ang LGU-Bayambang ni Municipal Administrator, Atty. Rodelynn Rajini S. Vidad, kasama ang MPDO, Engineering, Accounting, MAO, Legal Office, Assessor's Office, Nutrition, Internal Audit, MSWDO, at BPRAT.

Sa Joint Review ay tumayong representante ng PSO si Engr. Ernesto B. Pitok, at representante naman ng RPCO 1 sina Engr. Anthony Yanes, Jeffry Ferrer, Mark Palaganas, at Goldston Mark Sillatoc. (by RSO; Photos: MPDO)




**Early Child Care Development Center - Amanperez**




**Public Market Drainage System - Zone I**

Health

# 1 Rabies Mortality, Naitala ng DOH sa Bayambang sa 2023

**Isang kaso ng rabies death ang naitala ng DOH sa bayan ng Bayambang kamakailan, matapos ang tatlong taon na walang rabies cases. Ang pasyente ay isang anim na taong gulang na batang lalaki na nakagat ng aso tatlong buwan na ang nakakaraan bago ito magkaroon ng sintomas. Sa kasamaang palad, huli na nang ito ay isugod na ospital, kung saan siya ay binawian ng buhay.**

Ipinapaala ng Municipal Health Office sa lahat na MAHIGPIT NA IPINAGBABAWAL NG BATAS ang mga pagala-galang alagang aso at hindi pagtali sa mga ito. Kailangan din na kaagad magpabakuna sa RHU I o BDH ang sinumang makagat ng aso o pusa upang maiwasan ang rabies na isang sakit na WALANG GAMOT at kapag hindi naagapan ng bakuna ay NAKAMAMATAY.


Dear Sir/Madam,

This is to inform you of one rabies mortality in our municipality with the following data:

- 6 years old male
- Bitten 3 months prior to consultation (PTC)
- Puppy died 3 months
- November 10, 2023 patient was observed to be talking incoherently (*Mani-itaw*), irritable, with fever
- November 13, 2023 at 2:45 in the morning was brought to BDH for consultation referred to R1MC
- November 13, 2023 at 4:10 in the afternoon patient died at R1MC

As depicted above and in all other cases of rabies, it is highly fatal, no treatment and no chance of survival if disease sets in however, it is **vaccine preventable disease.** Once bitten by an animal do the following:

- Wash wound or scratch with soap under running water for 10 minutes
- Seek consult to nearest health facility for assessment and medical invention
- Follow religiously schedule injection as stated on the vaccination card

Human anti-rabies vaccine is available in the Municipal Health Office (former RHU I) every Tuesday and Friday and daily at BDH free of charge if available. All pet dog/cat shall be vaccinated with anti-rabies for animals (available at Municipal Agriculture Office) and leashed captive to prevent human bites.

Looking forward to a positive action to this request for a healthy Bayambang and Pilipinas.

Respectfully,

# Larong Pinoy at Health Eating Lecture para sa mga Daycare

**Bilang parte ng selebrasyon ng National Children's Month 2023, nagdaos ng "Larong Pinoy" mini-sportfest ang Municipal Nutrition Action Office at nagbigay ng isang "Lecture on Healthy Eating for the Overweight/Obese Child Development Center Learners" sa Pavilion 1 ng Saint Vincent Prayer Park noong ika-14 ng Nobyembre.**

Ipinamalas nina Olivia Faith Manalis at Mc Kennan Joy Flores ng Manambong Parte, Ace Vergel Rivera at MJ Zion Flores ng Manambong Sur, at Zephanie Yllisse Pineda ng Telbang ang liksi sa Calamansi Relay. Nagwagi naman sa paggiling sa Hula Hoop Competition sina Irenea Palaming ng Bical Norte, Jann Cedrick de Vera ng Amaconsiling Norte, at Francel Brae D. Episcope ng Bacnono.


Nagbigay din ang MNAO ng token na fruits at spaghetti sa mga bata, at badminton at hula hoop set sa lahat ng barangay na may CDC para ma-maintain ang physical activity ng mga learner.

Paglaon ay dinala ang aktibidad na ito sa limang CDC na may pinaka-maraming enrollees.



## RHU Bayambang, Top 3 City/ Municipality with the Most Number of Children Vaccinated for FIC (Fully Immunized Child) sa buong Region 1




**Ang Bayambang RHUs ay nakatanggap ng panibagong award bilang isa sa mga Top 3 City/Municipality with the Most Number of Children Vaccinated for FIC (Fully Immunized Child) sa buong Region 1.**

Ang certificate ay tinanggap ng kinatawan ng RHU na si G. Jessie Herrera mula kina DOH Regional Director, Dr. Paula Sydiongco, at District Nurse Supervisor Mark Ivan Caisip.

# MNC TWG, Nagmomonitor para sa Search for Outstanding School in Nutrition Program Implementation




**Nagsimula nang mag-ikot ang Technical Working Group ng Municipal Nutrition Committee para i-monitor ang mga public elementary school ng Bayambang sa kanilang Nutrition Program Implementation.**

Kabilang sa monitoring team ang Registered Sanitary Inspetor ng mga RHU, MNAO at Nutrition Office staff, mga agricultural technician ng MAO, at mga school nurse.

Kanilang ininspeksyon kung nasusunod ba ng mga paaralan ang Healthy Options in School Canteen (ayon sa DepEd Order No. 13, s. 2017), Water Sanitation and Hygiene (WASH) Program, at Gulayan sa Paaralan Implementation.

# Quick Response Team, Sumabak sa Psychosocial Intervention Training

**Sumabak sa isang bagong seminar ang Quick Response Team ng LGU (MSWDO, MDRRMO, RHU, Nutrition, BFP, at MAO), ang "Psychosocial Intervention/Support Training." Layunin ng talakayang ito na maunawaan ang mga prinsipyo at paraan ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga taong may mental health o psychosocial concerns sa panahon ng kalamidad. Ang training ay ginanap sa Mayor's Conference Room at nagsimula noong November 7 at nagtapos ng November 9.**

Kabilang sa mga naatasang maging resource speakers sina Maricel Caleja, OIC-Chief DRRM, at Mark Anthony Ballan, PDO II ng DSWD. Tinalakay nila ang mga sumusunod: Stories and Experiences Amidst Disaster: Risks and Vulnerabilities, Right-Based Approach, Cluster Approach Framework, Core Principles of the IASC Guidelines on Mental Health and Psychosocial Support, Psychological First Aid (PFA), Applying PFA Action Principles, Psychosocial Processing (PSP) and Demonstration, Caring for Ourselves, at Action Planning.



Agriculture

# Rice Farmers, Nagtapos sa FFS at Rice Derby WS 2023



**Noong Nobyembre 11, 2023, nagtapos ang mga local rice farmer na nag-enroll sa Farmers' Field School at Rice Derby for Wet Season 2023 sa isang seremonyang inorganisa ng Municipal Agriculture Office sa Brgy. Dusoc Covered Court, Brgy. Dusoc.**

Naging panauhin dito si Vice-Mayor Ian Camille C. Sabangan at Dusoc Punong Barangay Ricky P. Penullar.

Environmental Protection

# Bayambang ESWMO, Isa sa 6 Lamang na Compliant ESWMO sa Buong Pangasinan




**Ang Bayambang ESWMO ay isa sa anim lamang na compliant sa ESWMO sa buong probinsya ng Pangasinan matapos ang monitoring ng DENR-EMB 1 sa mga 10-Year Solid Waste Management Plan ng mga LGU sa Pangasinan.**

Ito ay matapos maisakatuparan ng EWSMO-Bayambang, sa pamumuno ni MENRO Joseph Anthony F. Quinto, ang lahat ng sampung component ng naturang SWM Plan: ang source reduction; collection; segregation, recycling and composting; marketing and market development; alternative technologies for residual wastes; solid waste disposal; special wastes and health care wastes; monitoring program; financial aspects; at waste diversion.

Ang finding na ito ay iprinisenta ni Junero-Rome A. Estolas, EMS II, EnMO Pangasinan, DENR-EMB 1, sa 4th Quarter Meeting ng Provincial Solid Waste Management Board sa kapitolyo noong Nobyembre 15, 2023.

# Quinto, Bagong PAENRO President

**Inihalal bilang bagong Presidente ng Pangasinan Environment And Natural Resources Organization (PAENRO) si Bayambang MENRO Joseph Anthony F. Quinto para sa Calendar Year 2024-2025, bilang parte ng Provincial Solid Water Management Board 4th Quarter Meeting noong Nobyembre 23, 2023, sa Pangasinan Training and Development Center I, Lingayen, Pangasinan.**





Disaster Resiliency

# Bayambang MDRRMC, May Pangatlong Gawad KALASAG



23rd Gawad KALASAG *Seal for Local DRRM Councils and Offices*

FULLY COMPLIANT

CITIES AND MUNICIPALITIES

| REGION I | | |
|---|---|---|
| ARINGAY, LA UNION | BANI, PANGASINAN | MARCOS, ILOCOS NORTE |
| BACNOTAN, LA UNION | BASISTA, PANGASINAN | SAN NICOLAS, ILOCOS NORTE |
| BAGULIN, LA UNION | BAYAMBANG, PANGASINAN | SOLSONA, ILOCOS NORTE |
| BALAOAN, LA UNION | BOLINAO, PANGASINAN | VINTAR, ILOCOS NORTE |
| BANGAR, LA UNION | BUGALLON, PANGASINAN | CAOAYAN, ILOCOS SUR |
| BAUANG, LA UNION | CALASIAO, PANGASINAN | CERVANTES, ILOCOS SUR |
| BURGOS, LA UNION | INFANTA, PANGASINAN | GALIMUYOD, ILOCOS SUR |
| CABA, LA UNION | LINGAYEN, PANGASINAN | LIDLIDDA, ILOCOS SUR |
| LUNA, LA UNION | MALASIQUI, PANGASINAN | BANTAY, ILOCOS SUR |
| NAGUILIAN, LA UNION | MANGALDAN, PANGASINAN | BURGOS, ILOCOS SUR |
| ROSARIO, LA UNION | MANGATAREM, PANGASINAN | QUIRINO, ILOCOS SUR |
| SAN GABRIEL, LA UNION | MAPANDAN, PANGASINAN | STA. CATALINA, ILOCOS SUR |
| STO. TOMAS, LA UNION | NATIVIDAD, PANGASINAN | STA. LUCIA, ILOCOS SUR |
| SANTOL, LA UNION | POZORRUBIO, PANGASINAN | STO. DOMINGO, ILOCOS SUR |
| SAN CARLOS, PANGASINAN | ROSALES, PANGASINAN | SAN ILDEFONSO, ILOCOS SUR |
| SAN NICOLAS, PANGASINAN | SAN MANUEL, PANGASINAN | SAN VICENTE, ILOCOS SUR |
| STA. BARBARA, PANGASINAN | BACARRA, ILOCOS NORTE | SANTIAGO, ILOCOS SUR |
| TAYUG, PANGASINAN | DINGRAS, ILOCOS NORTE | SUGPON, ILOCOS SUR |
| URBIZTONDO, PANGASINAN | PAOAY, ILOCOS NORTE | SUYO, ILOCOS SUR |
| UMINGAN, PANGASINAN | PASUQUIN, ILOCOS NORTE | TAGUDIN, ILOCOS SUR |
| VILLASIS, PANGASINAN | PINILI, ILOCOS NORTE | VIGAN, ILOCOS SUR |
| URDANETA, PANGASINAN | BANGUI, ILOCOS NORTE | GREGORIO DEL PILAR, ILOCOS SUR |
| ALCALA, PANGASINAN | BURGOS, ILOCOS NORTE | |
| ASINGAN, PANGASINAN | DUMALNEG, ILOCOS NORTE | |




**Muling nasungkit ng LGU-Bayambang ang Gawad Kalasag mula sa National Disaster Risk Reduction and Management Council sa pangatlong pagkakataon.**

Isa ang Bayambang sa 723 lamang na "Fully Compliant Local Government Units" sa ginanap na 23rd Gawad KALASAG Seal and Special Awards for Excellence in Disaster Risk Reduction and Management and Humanitarian Assistance para sa kategoryang "Local DRRM Councils and Offices."

Ang Gawad KALASAG (Kalamidad sa Sakuna Labanan, Sariling Galing ang Kaligtasan) ay isang parangal sa Pilipinas na iginagawad sa mga indibidwal, grupo, at ahensya na nagsusulong ng pagpapalakas ng kapakanan at kaligtasan ng mga mamamayan sa mga kalamidad at sakuna.

Ang pagkilalang ito ay naging posible dahil sa mapag-arugang pamamahala ni Mayor Niña Jose-Quiambao at Vice-Mayor Ian Camille Sabangan at sa sipag at sigasig ng mga kawani ng MDRRMO Bayambang sa pamumuno ni Local DRRM Officer Genevieve U. Benebe at lahat ng miyembro ng MDRRM Council. (by Vernaliza M. Ferrer/RSO)

# BSKE at Undas 2023, Zero Casualty

**Walang anumang naitalang casualty sa isinagawang Barangay and Sangguniang Kabataan Elections 2023 (BSKE 2023) at sa katatapos na Undas 2023, matapos na magbigay ng todong suporta ang buong puwersa ng LGU sa Commission on Elections (COMELEC) sa mga polling precinct sa iba't-ibang eskwelahan sa lahat ng barangay kung saan ginanap ang halalan, at pati na rin sa public cemetery at mga private memorial park.**

Mula sa preparatory meetings na isinagawa ng MDRRM Council hanggang sa masusing pagbabantay ng Highway Public Assistance Desk (PNP, BFP, MDRRMO), Public/Motorist Assistance Center (MDRRMO, Tourism), medical aid stations (mga RHU), solid waste collection (ESWMO), distribusyon ng mga election supply at paraphernalia at pagtanggap ng mga ballot box at election return (Treasury, PNP, AFP), security detail/police visibility, at Operation Baklas (MDRRM Council Members, lalo na ng ESWMO), tumutok ang mga departmento at ahensya sa pagbibigay ng walang patid na serbisyo. Kahit sa mga araw na walang pasok, sinigurado ng lahat na ligtas, malinis, tapat, at mapayapa ang halalan at maayos ang pagdiriwang ng Undas sa pamamagitan ng masusing koordinasyon at mabilis na pagtugon sa anumang pangangailangan.



Peace and Order

# Bayambang, 100% Scorer Muli sa ADAC Awards




Noong November 24, 2023, muling iginawad ng DILG sa bayan ng Bayambang ang isa na namang Regional Anti-Drug Abuse Council (ADAC) Performance Award matapos makatanggap ng 100% assessment score ang bayan sa 2023 ADAC Audit at Peace and Order Council (POC) Audit ng ahensya. Ang karangalan ay tinanggap ni Municipal Councilor Martin E. Terrado II sa ngalan ni Mayor Niña Jose-Quiambao, kasama si Municipal Local Government Operations Officer Johanna T. Montoya, sa La Union Convention Center, Brgy. Sevilla, City of San Fernando, La Union. (by Vernaliza M. Ferrer/ RSO; Photo: MLGOO)

Sports

# Team SinagLahi, Kampeon sa LGU Sportfest 2023




Sa pagtatapos ng LGU Sportsfest 2023, nagkampeon ang Team Sinaglahi base sa tabulation ng Municipal Physical Fitness and Sports Development Council. First runner-up naman ang Masigasig, 2nd runner-up ang Mandirigma, 3rd runner-up ang Luntian, at 4th Runner-up ang Marangal. Nanguna ang Sinaglahi sa men's basketball at nag-uwi ng P15,000 cash prize, 1st runner-up ang Masigasig (P10,000), 2nd runner-up ang Marangal (P8,000), at MVP si Rex Chico ng Sinaglahi. Nanguna naman ang Mandirigma sa women's volleyball (P15,000), 1st runner-up ang Sinaglahi (P10,000), 2nd runner-up ang Masigasig (P8,000), at MVP si Zarah Lei Perez (Mandirigma). Sa Laro ng Lahi, nanguna din ang Sinaglahi (P15,000), 1st runner-up ang Mandirigma (P10,000), at 2nd runner-up ang Masigasig (P8,000). Sa Hip-Hop Dance Competition, first prize din ang Sinaglahi (P15,000), 1st runner-up ang Masigasig (P10,000), at 2nd runner-up ang Luntian (P8,000). (RSO/JV Baltazar)

( *mula pahina 1*)

## Animé-Inspired Paskuhan sa Bayambang, Pumatok sa Turista!

Ito ay sinimulan sa isang thanksgiving mass sa Balon Bayambang Events Center sa pangunguna ni St. Vincent Ferrer Parish Church parish priest, Fr. Reydentor Mejia.

Ang araw na ito ay pang-75 taong kapanganakan ni former Mayor, First Gentleman, at SATOM, Dr. Cezar T. Quiambao at pangpitong anibersaryo ng kanilang kasal ni Mayor Niña, kaya naman nagdatingan din ang kanilang mga kaanak at malalapit na kaibigan.

Sinundan naman agad ito ng isang maikling programa sa Municipal Hall grounds kung saan panauhing pandangal sina Congresswoman Rachel Arenas, Governor Ramon 'Mon-Mon' V. Guico III at asawang si Ma-an Tuazon-Guico, Vice Governor Ronald Mark Lambino, at BM Vici Ventanilla.

Mismong si Mayor Niña at kanyang kabiyak ang siyang nakaisip ng konsepto at nagpondo sa proyektong ito, kung saan ang tema ay nakabase sa mga naging sikat na anime character mula sa animation film Studio Ghibli sa Japan. Iniaalay ng pamilya Jose-Quiambao ang Paskuhang ito sa kanilang pumanaw na sanggol na si Marian Hannah Claire J. Quiambao.

Mensahe ni Mayor Niña sa mga Bayambangueño at sa lahat ng dumayo para saksihan ang kaganapan, "Malungkot man ako ngayon, I believe that if you hit rock bottom, there is no way to go but up. And tonight, I'd rather choose joy by giving joy to others, to all of you."

Pagkatapos ng programa ay sinimulan na ang isang grand lighting at pagbubukas ng Paskuhan kung saan nabalot ang bayan ng kasiyahan lalo na't mayroon pang isang grand fireworks display.

Pormal na ring binuksan ang Paskuhan Night Market/Bazaar sa harap ng Bayambang Commercial Strip kung saan iba't-ibang pagkain at iba pang produkto ang mabibili.

Kitang-kita sa bawat ngiti at hiyawan ng publiko ang tuwa at galak na dulot ng kakaibang Paskuhan ngayong taon sa bayan ng Bayambang. (Sharlene Joy G. Gonzales/RSO; Photos: Xershes Gloria)



( *mula pahina 1*)

## Usapang SingKapital 2023, Naging Mainit-init sa 'SingKapeTalk'

Ito ay inorganisa ng Municipal Tourism, Information, and Cultural Affairs Office sa pangunguna ni Dr. Rafael L. Saygo, sa tulong ng Municipal Museum, BPRAT, at ICTO staff.

Umikot ang naging usapan sa kung ano nga ba ang SingKapital, bakit kinakailangan itong gunitain taun-taon, at anu-ano ang mga kuwentong kaakibat o nakakabit dito.

Ang mga ito ay isa-isang sinagot ng mga resource speakers na sina former PSU-Bayambang College Dean, Dr. Clarita DG. Jimenez, former PSU Prof. Januario Cuchapin (at BMCCA Executive Director), former PSU professor at LGU Media Affairs Officer, Dr. Leticia B. Ursua, at PIO Resty S. Odon.

Matapos ang pagtalakay ay ipinakita naman ang video presentation ng pinakaunang paggunita sa makasaysayang pagbisita ni Hen. Emilio Aguinaldo sa bayang ito noong Nobyembre 12, 1899 sa pamamagitan ng isang reenactment sa entablado sa harap ng Munisipyo noong Nob. 29, 2013 bilang preparasyon sa quadricentennial celebration ng Bayambang.



# Mga Cosplayer, Rumampa sa Paskuhan sa Bayambang 2023; Contestant mula Maynila, Kampeon




**Nagmistulang ibang planeta ang Balon Bayambang Events Center sa ginanap na kauna-unahang Cosplay Competition sa Bayambang bilang parte ng selebrasyon ng Paskuhan sa Bayambang 2023 noong ika-17 ng Nobyembre, 2023.**

Naging kamangha-mangha ang okasyon sapagkat binigyang-buhay ng mga cosplayer ang kanilang mga karakter sa pamamagitan ng makukulay na make-up at wig at detalyadong costume at props. Ang mga cosplayer ay gumamit ng iba't ibang materyales upang gawin ang kanilang kasuotan, at masusing ikinabit ang iba't-ibang dekorasyon na kanilang ginamit sa patimpalak.

Mayroong 53 cosplayers ang lumahok, kabilang ang mga miyembro ng Pangasinan Cosplay and Otaku Community. Nangibabaw ang karakter na Iron Patriot ni Christian Umali ng Parañaque, Metro Manila na siyang naging grand winner at nag-uwi ng P10,000 cash prize. Ang 1st runner-up mula sa Angeles City, Pampanga ay si Lady Antrax bilang si Maleficent, at siya ay nakatanggap ng P7,000. Ang 2nd runner-up naman ay mula sa San Carlos City, Pangasinan na si Kim Cangas bilang si Halo Master Chief at nag-uwi ng P5,000. Nakatanggap naman ng consolation prize ang unang 30 participants na nakapagregister sa cosplay contest.

Naging hurado sina Municipal Administrator, Atty. Rodelyn Rajini Sagarino-Vidad, BMCCA Executive Director, former PSU professor Januario Cuchapin, ang representante ni OIC Municipal Accountant Flexner de Vera, at sina Binibining Bayambang 2018 Gabrielle Marie Reloza at Binibining Bayambang 2023 Sandra de Luna.

Ang cosplay contest ay nagbigay daan sa mga cosplayer upang ipakita ang kanilang passion at creativity sa cosplay performance art at nagbigay ng ibayong kulay, aliw, at saya sa opening ng Paskuhan sa Bayambang 2023. (Angel P. Veloria/RSO; Photo: Jayvee Baltazar)

**BAYAMBANG**
**EMERGENCY HOTLINE**
**Globe & TM 633-2977**
**Smart/Sun/Talk&Text #4357**



**Balon Bayambang**
**The official newsletter of the Municipality of Bayambang**
This is published, printed and distributed every month to give updated news and current events for the people of Bayambang.
**This newsletter is not for sale.**

**Bayambang Public Information & Media Affairs Office**
**Balon Bayambang Newsletter**
**Editorial Board:**

Dr. Leticia B. Ursua (Executive Editor)
Resty S. Odon (Editor)
Vernaliza M. Ferrer
Sheina Mae U. Gravidez
Diadema I. Martinez
Sharlene Joy G. Gonzaled
Khim Ambrie L. Ballesteros
Ray Hope O. Bancolita
Angel P. Veloria
(Reporters)
Jojo Casanova
(Graphic Designer/Layout)
Jayvee M. Baltazar
(Photographer/Sportswriter)
Eduardo P. Sison II
(Circulation Manager)
Ace Gloria
(Photographer/Staff Assistant)
Atty. Rodelynn Rajini Sagarino-Vidad
(Consultant)
Dr. Rafael L. Saygo
(Head, Municipal Tourism, Information, & Cultural Affairs Office)
(Consultant)